Republic of the Philippines
Office of the President
NATIONAL COMMISSION ON INDIGENOUS PEOPLES
6th & 7th Floors Sunnymede IT Center, 1614 Quezon Avenue, South Triangle, Quezon City
Website: www.ncip.gov.ph

NATIONAL COMMISSION ON INDIGENOUS PEOPLES
RELEASED
APR 19 2023
CSD-RECORDS SECTION

Ika-19 ng Abril 2023

Norima Mablon, et al
kelibunan.gantung@gmail.com

Mahal naming Bb. Mablon,

Ito po ay kaugnay sa inyong liham na may petsang Ika-23 ng Marso 2023 na inyong ipinadala sa pamamagitan ng e-mail noong ika-27 ng Marso 2023, sa inyong muling pag-iimbita kay Chairperson Allen A. Capuyan para dumalo sa inyong pagpupulong sa alin man sa mga sumusunod na petsa: Mulang ika-19 hanggang ika-21 ng Abril 2023.

Ikinalulungkot po namin na ipabatid sa inyo na si Chairperson Allen A. Capuyan ay kasalukuyang nasa Geneva, Switzerland upang dumalo sa "109th Session of the UN Committee on the Elimination of all forms of Racial Discrimination (CERD) Convention, Geneva, Switzerland" at kasunod na pagdalo sa "22nd Session of the UN Permanent Forum on Indigenous Issues, New York, USA" – na gaganapin mula sa ika-17 hanggang ika-28 ng Abril, 2023.

Dahil sa mga obligasyon niya na nakasaad sa itaas, bilang pinuno ng NCIP, ay hindi po niya mapapa-unlakan ang inyong imbitasyon na dumalo sa pagpupulong ninyo sa Brookes Point, Palawan sa mga nasabing petsa.

Subalit, sa mga darating na araw, ay ipinag-utos niya ang pagganap ng inter-agency meeting sa inyong ancestral domain. Kung inyo pong mamarapatin, ay mabigyan po sana ninyo kami ng sapat na panahon para maisakatuparan ang kautusan ni Chairman Capuyan, nang sa gayon ay mapagbigyan na rin ang kahilingan ninyo.

Makakaasa po kayo na sa kaniyang pagbalik sa opisina ay agaran niyang aasikasuhin ang inyong kahilingan.

Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**ATTY. CAESAR M. ORTEGA**
OIC-Executive Director